**Kristoffer Son Justo** **PA 199**

**BA Philippine Arts**

# Thesis Topic Proposal

Paksa 1: **A Semiotic Analysis on selected street art in Bonifacio Global City Taguig**

## Suliranin ng Pananaliksik

Ang street art sa Bonifacio Global City (BGC) ay isang mahalagang anyo ng sining na naglalarawan ng mga isyung panlipunan at kultural. Sa kabila ng stigma na nakapalibot dito bilang vandalismo, ang mga mural at graffiti sa BGC ay naglalaman ng malalim na simbolismo at mensahe na mahalagang suriin. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paggamit ng semiotic analysis upang matuklasan ang mga tema at kahulugan sa mga napiling street art sa lugar na ito.

## Tatlong Katanungang Nais Sagutin ng Pag-aaral:

1. Anu-anong mga simbolo at tema ang makikita sa mga napiling street art sa BGC, at paano ito nagrerepresenta sa lokal na kultura at identidad?
2. Paano nakakatulong ang semiotic analysis ni Barthes at teorya ni Saussure sa pag-unawa ng mga mensahe at intensyon ng mga artist sa kanilang mga likha?

3. Paano hinuhubog ng mga biswal na elemento ng street art ang konteksto at mga damdaming ipinapahayag sa mga tagamasid o madla?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang mga simbolo at tema sa mga napiling street art sa BGC at tukuyin ang kanilang kahulugan sa konteksto ng lokal na kultura.
2. Gumamit ng semiotic analysis upang mas maunawaan ang mga mensahe at intensyon ng mga artist sa kanilang mga likha.
3. Alamin ang epekto ng street art at biswal na elemento sa konteksto at damdaming naipapasa sa madla
4. Tukuyin ang papel ng street art ng BGC sa pagpapahayag ng kultural at panlipunang naratibo.

Paksa 2: **Sining sa Kalsada bilang Paglaban: Pagsusuri sa mga Obra ni Archie Oclos sa Pagbubuo ng Makabansang Kamalayan**

**Suliranin ng Pananaliksik**

Ang street art ay nagsisilbing makapangyarihang midyum ng pagpapahayag, na tumutugon sa mga usaping panlipunan at pulitikal. Sa Pilipinas, ang mga sining sa kalsada ni Archie Oclos ay hindi lamang dekorasyon kundi anyo ng paglaban at pagmulat sa makabansang kamalayan. Ang kaniyang mga obra ay nagsisilbing

daluyan ng makabayang damdamin, na nagbubukas ng talakayan tungkol sa kasaysayan, karapatan ng mga minorya, at kritisismo sa mga isyung panlipunan.

**Tatlong Katanungang Nais Sagutin ng Pag-aaral:**

1. Paano isinasalamin ng mga likha ni Archie Oclos ang nasyunalismo at kasaysayan ng Pilipinas?
2. Sa anong paraan nagiging epektibong kaniyang midyum sa street art sa pagmulat sa mga isyung pampulitika at panlipunan?
3. Ano ang naging tugon ng publiko at mga institusyon sa kaniyang sining at paano ito nakaapekto sa kamalayan ng mga mamamayan?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Suriin ang mga simbolismo at temang makikita sa mga likha upang tukuyin ang kaniyang ambag sa pagbubuo ng pambansang identidad.
2. Alamin kung paano ginagamit ngartist ang street art bilang paraan ng pagpoprotesta laban sa mga isyung panlipunan at pulitikal.
3. Tukuyin ang ugnayan ng kaniyang sining sa mga marginalized sectors, partikular ang mga katutubo, at ang papel nito sa pagpapalakas ng kanilang boses.
4. Pag-aralan ang pagtanggap at reaksyon ng publiko at mga institusyon sa kanilang mga mural at graffiti.
5. Tuklasin kung paano nagiging inspirasyon ang kaniyang mga likha sa mga bagong henerasyon ng mga street artist at aktibista.

Paksa 3: **Isang Pagsusuri sa mga Estratehiya sa Marketing at mga Praktis sa Pagsusulong ng Metropolitan Museum ng Maynila**

**Suliranin ng Pananaliksik**

Ang Metropolitan Museum ng Maynila ay isa sa mga pangunahing institusyon sa sining at kultura sa Pilipinas, na may layuning i-promote ang lokal na sining at kultura sa pamamagitan ng iba't ibang programa at eksibisyon. Sa kabila ng mga pagsisikap na ito, mahalagang suriin ang mga estratehiya sa marketing at mga praktis sa promosyon upang matukoy ang kanilang bisa sa pag-akit ng mga bisita at pagpapalawak ng kamalayan sa mga gawaing pangkultura. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang kasalukuyang mga pamamaraan ng marketing at promosyon ng museo upang mas maunawaan ang kanilang epekto sa mga bisita at sa komunidad.

**Tatlong Katanungang Nais Sagutin ng Pag-aaral:**

1. Ano ang mga estratehiya sa marketing na ginagamit ng Metropolitan Museum ng Maynila?

2. Paano nakatutulong ang mga estratehiyang ito sa pagtaas ng bilang ng mga bisita at sa pakikilahok ng publiko?
3. Ano ang papel ng digital marketing sa mga praktis sa promosyon ng museo?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Upang suriin ang mga estratehiya sa marketing na ipinatutupad ng Metropolitan Museum ng Maynila.
2. Upang matukoy ang bisa ng mga estratehiya sa pag-akit ng mga bisita at pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa mga eksibisyon at programa.
3. Upang suriin ang epekto ng digital marketing sa pangkalahatang paglahok ng publiko sa museo.
4. Upang magbigay ng rekomendasyon para sa pagpapabuti ng mga estratehiya at praktis sa promosyon batay sa mga natuklasan.
5. Upang ipakita ang kahalagahan ng epektibong marketing sa pagpapanatili ng interes ng publiko sa sining at kultura.

Paksa 4: **Digital na Pagkukuwento sa Animahenasyon: Paano Tinutugunan ng mga Pilipinong Animator ang mga Isyung Panlipunan sa Pamamagitan ng Animasyon**

**Suliranin ng Pananaliksik**

Ang Animahenasyon ay isang taunang festival na naglalayong itaguyod ang sining ng animasyon sa Pilipinas, kung saan tampok ang mga likhang Pilipino na may makabuluhang mensaheng panlipunan. Sa pamamagitan ng digital storytelling, nagiging mabisang plataporma ang animasyon upang talakayin ang mga isyung tulad ng kultural na kamalayan, identidad at pagkatuklas sa sarili, at ang hamon ng kawalan ng katarungang panlipunan at kahirapan. Gamit ang semiotic analysis, layunin ng pag-aaral na ito na suriin kung paano naipapakita ng mga animator ang mga temang ito at kung paano nila nagagawang magbigay ng kritikal na pananaw ukol sa mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng kanilang mga pelikula.

**Tatlong Katanungang Nais Sagutin ng Pag-aaral:**

1. Paano isinasalaysay ng mga pelikulang kalahok sa Animahenasyon ang mga isyung may kaugnayan sa kultural na kamalayan, identidad at pagkatuklas sa sarili, at kawalan ng katarungang panlipunan at kahirapan?
2. Ano ang mga simbolo, metapora, at visual na elemento na ginagamit upang ipahayag ang mga temang ito?
3. Paano nakatutulong ang mga animasyong kwento sa pagpapataas ng kamalayan sa kontemporaryong isyu at sa kontribusyon ng Animahenasyon Festival sa kulturang Pilipino?

**Layunin ng Pag-aaral:**

1. Matukoy kung paano ginagamit ang digital storytelling upang ipakita ang mga isyung may kaugnayan sa kultural na kamalayan, identidad, at katarungang panlipunan sa mga pelikulang kalahok sa Animahenasyon.
2. Masuri ang mga simbolo, naratibo, at diskurso sa piling animasyon gamit ang semiotic analysis.
3. Mailahad kung paano ipinapakita ng mga kwento ang epekto ng mga isyung tulad ng kawalan ng katarungang panlipunan at kahirapan sa mga tauhan at naratibo.
4. Mabigyang-diin ang papel ng mga Pilipinong animator sa pagbibigay-boses sa mga diskursong panlipunan at pagkilala sa identidad ng mga Pilipino sa pamamagitan ng kanilang sining.
5. Magbigay ng rekomendasyon kung paano mapapalawak ang paggamit ng animasyon para sa pagpapalaganap ng kamalayang panlipunan at kultural na adbokasiya.

Paksa 5: **Ang Papel ng Philippine Educational Theater Association (PETA) sa Paghubog ng Teatro sa Pilipinas para sa Panlipunang Pagbabago**

**Suliranin**

Itinatag noong 1967, ang Philippine Educational Theater Association (PETA) ay naglalayong gamitin ang teatro bilang kasangkapan sa pag-unlad ng tao at lipunan. Sa loob ng higit limang dekada, ang PETA ay naging tagapagtanggol ng makabuluhang teatro na nakatuon sa mga isyung panlipunan, partikular na sa mga

nasa laylayan ng lipunan. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tuklasin ang papel ng PETA sa pagpapalaganap ng People's Theater na nagsusulong ng pagbabago sa lipunan mula sa panahon ng Batas Militar hanggang sa kasalukuyang panahon.

**Tatlong Katanungang Nais Sagutin ng Pag-aaral:**

1. Paano ginamit ng PETA ang teatro bilang isang kasangkapan para sa edukasyon at panlipunang pagbabago?
2. Ano ang naging kontribusyon ng PETA sa pagsulong ng People's Theater sa gitna ng mga isyung panlipunan at politikal sa Pilipinas?
3. Paano naapektuhan ng PETA ang kasaysayan at kasalukuyang anyo ng Philippine theater sa pamamagitan ng kanilang mga pagtatanghal at adbokasiya?

**Mga Layunin ng Pag-aaral:**

1. Matukoy ang mga estratehiya at metodolohiya na ginamit ng PETA sa kanilang mga dulang panlipunan at pang-edukasyon.
2. Mailarawan ang impluwensiya ng PETA sa paghubog ng People's Theater bilang tugon sa mga krisis panglipunan tulad ng panahon ng Martial Law.
3. Masuri ang epekto ng mga produksiyon ng PETA sa mga marginalized na sektor ng lipunan, kabilang ang kabataan, kababaihan, at mga pamayanang rural.
4. Mabigyang-halaga ang kontribusyon ng PETA sa pagbuo ng mga makabagong anyo ng teatro sa Pilipinas na may temang pang-kultura at pang-komunidad.

5. Makapagbigay ng pagsusuri sa kasalukuyang adbokasiya ng PETA at kung paano nila pinapanatili ang kaugnayan ng kanilang mga produksyon sa kontemporaryong isyu ng lipunan.